
# Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California
# Pagpapapagamot sa COVID-19

## Ano ang mga pagpapapagamot para sa COVID-19?



Ang mga pagpapapagamot para sa COVID-19 ay mga gamot (mga pill, bakuna, o IV) na maaaring makaiwas para sa malubhang sintomas at kinakailangan ng pangangalaga sa ospital pagkatapos magsimula ang sinotmas ng COVID-19.

**Maaring sabihin sa iyo ng tagapagakaloob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay karapat-dapat na makatanggap ng pagpapapagamot at kung anong uri ang mas nakakabuti para sa iyo.**

## Ikaw ay maaaring makakuha ng pagpapapagamot kung ikaw ay:

- **Nasuring positibo para sa COVID-19** (magpasuri ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan, at isang Pagpapasuri sa isang sityo ng Pagpapasuri, botika, o paggamit ng pagpapasuri sa bahay), AT
- **ay maaaring magkaroon ng malubhang sakit** (mas matanda sa 50, hindi napabakunahan, o may ilang medikal na kondisyon*).

**Ang mga pagpapapagam at maaaring magamit ng mga adulto at mga bata na kwalipikado.**

## Mas maaga mas mabuti

**Gawin nang maaga:** Ang pagpapapagamot ay kailangan na magsimula sa loob ng ilang araw na namuo ang unang sintomas upang maging epektibo.

## Paano ako makakakuha ng mga pagpapapagamot?

### Opsyon A: Makipag-ugnay sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan.

- Kung ikaw ay may sintomas ng COVID-19, maaring makatulong ang tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugan upang magpasuri at makakuha ng preskripsyon para sa isang pagpapapagamot. Maaari kang makapunta sa isang botika upang makatanggap ng iyong medikasyon.
- **Kung wala kang tagapagkaloob ng pangangalaga ng kalusugan,** tumawag sa 1-877-332-6585 upang makita kung sino ang kanilang makakausap tungkol sa iyong sintomas at pagpapapagamot.

### Opsyon B: Pumunta sa isang lokasyon ng Pagpapasuri upang Mapagamot.

- Kung ikaw ay may sintomas ng COVID-19, ikaw ay maaaring magpasuri, makakuha ng preskripsyon, at makatanggap ng medikasyon – lahat sa isang lugar sa isang sityo ng pagpapapasuri upang Magpagamot.
- **Maghanap ng lokasyon** sa paggamit ng tagahanap ng lokasyon ng Pagpapasuri upang Magpagamot. Maaari ka ring tumawag sa 1-800-232-0233 (TTY 1-888-720-7489).

**I-scan ang QR na kodigo upang makita ang interaktive na link sa pilyego na ito.**

## Anong mga pagpapagmot ang maaring gamitin?

May mga ibat-ibang mga uri ng pagpapagamot Ang isang tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan o isang lokasyon ng Pagapasuri upang Mapagamot ay magsasabi sa iyo kung aling pagpapamot ang mas ligtas at nakakabuti para sa iyo. Ang pagpapagamot ay nasa maraming uri kasama ang pills, IV, o bakuna.

## Magkano ang pagpapagamot?

Walang gastusin sa kasalukuyan para sa pagpapagamt sa COVID-19, ngunit ang mga pagpapagamot na pasilidad ay maaaring sumingil para sa pagbisita at kaugnay na mga serbisyo tulad ng pagpapasuri sa COVID-19. Sakop ng Medicare, Medicaid, at ilang pribadong insurance na plano ang lahat ng mga gastusin kaya itsek sa iyong insurarnce na plano. Kung wala kang insurance, tanungin sa pasilidad ng pagpapagamot kung may babayarin.

## Ang mga pagpapagamot ba ay humahalili sa mga bakuna ng COVID-19?

Hindi, ang bakuna ay ang pinakaepektibong paraan upang maiwasan ang malubhang sakit sa COVID-19. Sinasanay ng mga bakuna ang iyong immunue system bago ka magkasakit upang labanan ang malubhang sakit habang nagpapagamot ay nakakatulong sa mga tao na may sakit upang maiwasan ang sakit.

## May mga pagpapagamot ba na maaaring makaiwas sa COVID-19?

Ang pinakamabuting paraan upang makaiwas sa COVID-19 ay magpabakuna at panatilihing kumpleto sa booster na bakuna. Ngunit, kung ikaw ay may mahinang immune system o may malubhang reaksyon sa bakuna at hindi nakumpletong napabakunahan, ikaw ay maaring karapat-dapat para sa Evusheld, na maaaring makaiwas sa malubhang sakit ng COVID-19 na sakit bago mailantad. Makipag-usap sa tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan upang makakuha ng karagdagang impormasyon.

## Nakakatulong na impormasyon:

- Webpage ng Pagpapagamot sa COVID-19 ng CDPH
- Tagahanap ng Lokasyon ng Pagpapasuri upang Magpagamot ng HHS o tumawag sa 1-800-232-0233
- Impormasyon ng Pagpapasuri upang Mapagamot na Programa ng HHS
- *CDC Mga Tao na may Ilang Medikal na Kondisyon